# PAGGIGIIT

ELFREY V. PATERNO
*TAGAPAMAHALANG PATNUGOT*

Hindi bababa sa 100 katao ang kailangang pasalamatan sa pagiging kabahagi nila sa produksyon ng kauna-unahang isyu ng *AGOS: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan* ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Naging mapanlahok at mapanghikayat ang AGOS sa panawagan at pagtanggap nito ng mga submisyon ng malikhaing akdang pampanitikan. Umabot sa humigit-kumulang 60 awtor mula sa iba't ibang sektor, larangan, at propesyon ang nagsumite ng kanilang malikhaing akda. Patunay lamang na walang pinipiling kasarian, edad, naabot na edukasyon, o katayuan sa buhay ang pagsulat ng malikhaing akda.

Naging mapang-angkop din ang AGOS sa nagbabagong porma ng malikhaing akda sa kasalukuyan habang mahigpit na pinananatili nito ang itinakdang pamantayan sa katangian ng mga akdang ilalathala. Ilan sa mga ito ang tiyak na ambag ng mga akda sa pagtataguyod ng wikang Filipino at panitikan ng Pilipinas, kritikal na pagdiskurso sa mga tema at paksa na may kaugnayan sa kinakaharap ng lipunan, ang pagdalumat at pag-uugnay ng awtor sa personal niyang danas sa kaniyang panlipunang kaligiran, at

kung paano ito magkakaroon ng kabuluhan sa pagsusulong ng pag-unlad ng kaniyang lipunan. Malaking pasasalamat ang ipinaaabot sa humigit-kumulang 50 referees na naging katuwang sa pagsusuri ng mga akdang maaaring ilathala sa unang isyu ng AGOS.

Hindi man nagbigay ng isang tema o paksa ang panawagan sa mga isusumiteng akda sa AGOS, makikita sa mga inilathalang akda sa isyung ito ang pagkakaugnay nito sa pagtataglay ng ilang paraan ng paggigiit: (1) paggigiit ng karapatang mabuhay nang marangal o may dangal, (2) paggigiit ng sariling identidad sa isang lipunang mapaniil at mapanghusga, (3) paggigiit ng pambansang identidad, at (4) paggigiit na maging bahagi ng isang bansang naglilingkod sa kaniyang mamamayan.

Hindi madali ang pinagdaaan ng AGOS para mailathala sa taong 2020 kung kailan malalaking hamon ang hindi inaasahang kakaharapin ng bansa at maging ng buong mundo. Ang paglulunsad ng AGOS sa panahon ng pandemya ay isang paraan ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman na mailugar ang kahalagahan at kabuluhan ng mga malikhaing akdang pampanitikan sa kasalukuyan. Patunay lamang ito na hindi nagagapi ang paglikha ng sining sa panahon ng pandemya at krisis. Sa katunayan, mas lalo o lubos pang kailangan ang paglikha ng mga akdang pampanitikan bilang instrumento sa pagpapatunay, pagpapanatili, at pagpapatibay ng pagkatao at pagkabansa.